Speech delivered by Sir Rev. Raul Fermin, KCR Deputy Area Commander for Central USA during the 116th Year of Dr. Jose Rizal's Martyrdom at the Dr. Jose Rizal Center, Chicago, Illinois on December 30, 2012.

Si Gat Jose Rizal At Ang Pagmamahal sa Sariling Wika

Magandang Gabi…

Ako po ay nahilingan na magsalita tungkol sa paksang, Sariling Wika, sa pamamagitan ng isang sikat na pahayag mula sa tulang, **Sa Aking Mga Kabata…**

Ang hindi marunong magmahal sa kanyang salita
Mahigit sa hapoy at malansang isda,

Subalit bago ang lahat, nais ko lamang pong ipaliwang na ang tulang, Sa Aking Mga Kabata, ay hindi po sinulat ni Gat Jose Rizal. Sa pag-aaral at karagdagang pananaliksik ng mga mananalaysay, tulad ni Ambeth Ocampo, ay napakita na ito ay hindi mga isinulat ni Gat Jose Rizal. Maraming mga dahilan silang pinahiwatig na hindi na natin matatahak ngayong gabi.

Sa aking palagay, ako ay sang-ayon sa kanilang konklusyon. Datapwat, hindi lamang sa isang tula na maipapakita natin ang pagmamahal ni Gat Jose Rizal sa sariling wika! Kaya ako po ay magalang na mumihingi ng inyong pasensiya upang marinig ang aking pahayag….

Sariling Wika…

Ang tao na ang sariling wika ay Mandarin ay namumula sa bansang **Tsina.**
Ang tao na ang sariling wika ay Hapon ay nagmumula sa bansang **Hapon.**
Ang tao na ang sariling wika ay Ilokano ay nagmula sa bansang **Pilipinas.**
Ang tao na ang sariling wika ay Tagalog ay nagmula sa bansang **Pilipinas.**

Ibig sabihin, and lahi ng isang tao ay makikilala sa pamamagitan ng kanyang sariling wika. At ang pagmamahal sa sariling wika ay katumbas ng pagmamahal sa sariling bayan. Kaya't masasabi natin na, **Ang hindi magmahal sa kanyang bansa mahigit pa sa hayop at malansang isda!** (Di po ba?)

Si Gat Jose Rizal ay ipinanganak sa Calamba, Laguna, natural and kanyang unang wika ay Tagalog. Gayun pa man, lumaki siya sa ilalim ng Pamahalaan ng Espanya na and wikang Kastila ay sapilitang pinagamit sa mga Pilipino para maging pangunahing kasangkapan sa komunikasyon. At dahil ditto, naging matatas si Gat Jose Rizal sa Kastila.

Si Gat Jose Rizal ay marunong din ng ibat-ibang wika tulad ng Pranses, Latin, Griyego, Aleman, Portuges, Italyano, Ingles, Olandes, at Hapon. Mayroon din siyang ginawa na mga pagsasalin sa Arabo, Suweko, Russo, Tsina, Griyego, Hebreo, at Sanskrit. Sa karagdagan, siya ay may kaalaman din ng Malay, Chavacano, Cebuano, Ilocano, at Subanun.

Karamihan ng kanyang mga kasulatan ay sinulat sa wikang Kastila. Bumuo siya ng isang lipunan upang matulungan ang mga Pilipino na mapabuti ang kanilang buhay; binigyan niya ito ng Kastilang pangalan; *La Liga Filipina.*

Isinalin niya ang huli at pinaka sikat na Gawain ni ***Friedrich Schiller***, ***Wilhelm Tell (1804)***, mula sa wikang Aleman isinalin niya ito sa wikang Tagalog.

Sa lahat ng mga kabutihan at tagumpay na kanyang natamo, hindi siya kailanman nawalan ng pag-ibig para sa kanyang sariling wika na Tagalog. Sa dami ng bansa na kanyang narating, hindi siya nakalimot sa kanyang Bayang Minamahal! Halos lahat ng kanyang gawain ay tungkol sa pagmamahal sa lupang sinilangan; Pilipinas.

Sa kanyang nobelang, Noli Me Tangere, ipinakita ni Gat Jose Rizal ang isang tao na maihahambing sa malansang isda. (Natatandaan po ba ninyo ang aking tinutukoy?) Si Donya Victorina ay kumakatawan sa uri ng Pilipino na tinalikuran ang kanyang pagka-Indio at nais gawin ang lahat upang taggihan ito sa bawat isip, lalo na sa gawa at sa wika.

Donya Victorina ay simbolo ng malansang isda. Siya ay simbolo ng mga taong nalilito sa kanilang pagkakalilanlan. Lahat ng bagay na Indio o Pilipino ay mababa at ang lahat ng mga banyaga ay napakahusay. Sa kaniyang nobela, binalaan ni Rizal na ang kahibangan na ito ay magtatapos sa isa na iiwasan ng mga dayuhan at pagtatawanan ng mga kababayan, dahil ito ay masahol pa sa malansang isda.

Ngunit marami ang nagtatanong, bakit Kastila ang malimit na gamitin ni Gat Jose Rizal?

Sa ating limitadong isipan, ang pag-ibig sa isang bagay ay kasama na ang pagpahayag ng pang-aaba para sa iba. Tama po ba ito? Upang ibigin ng lubos and sariling bansa, kailangan ba ang pang-aaba sa mga dayuhan at banyagang bansa? Upang ibigin ang sariling wika, kailangan ba ang pang-aaba sa ibang wika ng ibang lahi?

Malinaw naman nating nakita na ang pag-ibig ni Rizal para sa kanyang sariling wika at sa kanyang pinakamamahal na bayan ay nasa loob ng kaniyang puso. Ngunit ang paggamit niya ng Kastila para maging epektibo ang kanyang mga kasulatan sa mga namamahalang Kastila at maipahiwatig sa mga Kastila na ang Indio (ang mga Pilipino) ay mga matatalinong tao na matutumbasan at malalampasan pa ang mga dayuhan!

Mahal ninyo po ba ang inyong sariling wika, Cebuano, Ilocano, Tagalog at iba pa? Kung ganoon, why do we speek in English, were are all Filipinos here?

We do love our native tongue, but we insist on conversing in English so that we can master the language and compete more effectively in American business world that has embraced globalization!

In this essay, “Los Viajes,” (La Solidaridad, c 1888), he wrote: “Man is multiplied by the number of languages he possesses and speak.”

“Ang diwa ng tao ay lumalawak sa pamamagitan ng bilang ng mga wika niyang tinataglay at sinasalita.”

Kung ang pag-uusapan ay pagmamahal sa wika, nangunguna si Rizal dahil siya ay daking lingguwiska. At sa kanyang lingguista, hindi niya tinalikuran ang sariling wika at pagmamahal sa Pililipnas.

Iniibig ko ang Pilipinas
Ito ang aking lupang sinilangan
Ito ang tahanan ng aking lahi

Ako ay kanyang kinukupkop at tinutulungan
Upang maging malakas, maligaya at kapakipakinabang
Biliang ganti, diringgin ko ang payo ng aking mga magulang
Susundin ko ang mga tuntunin ng aking paaralan
Tutuparin ko ang mga tungkulin ng isang mamamayang makabayan at masunurin sa batas
Paglilikuran ko ang aking bayan nang walang pag-iimbot at nang buong katapatan
Sisiskapin kong maging isang tunay na Pilipino sa isip, sa salita at sa gawa.

Ang pagmamahal ni Gat Jose Rizal sa bayan ay higit pa sa salita!!! Binuhos niya ang kanyang lahat para sa minamahal na Pilipinas.

Ang pagmamahal sa bayan ayon sa buhay ni Gat Jose Rizal ay di lamang nanggagaling sa labi kundi pagmamal na nanggagaling sa puso!

Isang magandang gabi sa inyong lahat at binabati ko kayo ng isang Maligayang Bagong Taon. Salamat po.